PIVOT 4A

# LEARNER'S MATERIAL

IKALAWANG MARKAHAN

# Araling Panlipunan G9




MELC based SLM

DepEd CALABARZON
Curriculum and Learning Management Division

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
Hindi Ipinagbibili

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayumpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot ng Kagawaran.

Ang modyul na ito ay masusing sinuri at niribisa ayon sa pamantayan ng DepEd Regional Office 4A at ng Curriculum and Learning Management Division CALABARZON. Ang bawat bahagi ay tiniyak na walang nilabag sa mga panuntunan na isinasaad ng Intellectual Property Rights (IPR) para sa karapatang pampagkatuto.

Mga Tagasuri

**PIVOT 4A Learner's Material**
**Ikalawang Markahan**
**Unang Edisyon, 2020**

# Araling Panlipunan

## Ikasiyam na Baitang

Job S. Zape, Jr.
**PIVOT 4A Instructional Design & Development Lead**

Alfred James A. Ellar
**Content Creator & Writer**

Jaypee E. Lopo, Leonardo C. Cargullo
**Internal Reviewers & Editors**

Lhovie A. Cauilan & Jael Faith T. Ledesma
**Layout Artist & Illustrator**

Jhucel A. del Rosario & Melanie Mae N. Moreno
**Graphic Artist & Cover Designer**

Ephraim L. Gibas
**IT & Logistics**

Earvin Christian T. Pelagio, Komisyon sa Wikang Filipino
**External Reviewer & Language Editor**

Inilathala ng: Kagawaran ng Edukasyon Rehiyon 4A CALABARZON
Patnugot: Wilfredo E. Cabral
Pangalawang Patnugot: Ruth L. Fuentes

# Gabay sa Paggamit ng PIVOT 4A Learner's Material

## Para sa Tagapagpadaloy

Ang modyul na ito ay inihanda upang makatulong sa ating mga mag-aaral na madaling matutuhan ang mga aralin sa asignaturang **Araling Panlipunan**. Ang mga bahaging nakapaloob dito ay sinigurong naayon sa mga ibinigay na layunin.

Hinihiling ang iyong paggabay sa ating mga mag-aaral para sa paggamit nito. Malaki ang iyong maitutulong sa pag-unlad nila sa pagpapakita ng kakayahang may tiwala sa sarili na kanilang magiging gabay sa mga sumusunod na aralin.

Salamat sa iyo!

## Para sa Mag-aaral

Ang modyul na ito ay ginawa bilang sagot sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong mabigyan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anomang marka o sulat ang anomang bahagi nito. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga gawain sa pagkatuto.
2. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat gawain.
3. Maging tapat sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
4. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
5. Punan ang **PIVOT Assessment Card for Learners** sa pahina 38 sa pamamagitan ng akmang simbolo sa iyong Lebel ng Performans pagkatapos ng bawat gawain.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagpadaloy kung tapos nang sagutin ang lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang iyong guro o tagapagpadaloy. Maaari ka ring humingi ng tulong sa iyong magulang o taga pag-alaga, o sinomang mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami na sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakukuha ka ng malalim na pang-unawa. Kaya mo ito!

# Mga Bahagi ng PIVOT 4A Modyul

| | K to 12 Learning Delivery Process | Nilalaman |
|---|---|---|
| Panimula (Introduction) | Alamin<br>Suriin | Ang bahaging ito ay naglalahad ng MELC at ninanais na resulta ng pagkatuto para sa araw o linggo, layunin ng aralin, pangunahing nilalaman at mga kaugnay na halimbawa para makita ng mag-aaral ang sariling kaalaman tungkol sa nilalaman at kasanayang kailangan para sa aralin. |
| Pagpapaunlad (Development) | Subukin<br>Tuklasin<br>Pagyamanin | Ang bahaging ito ay nagtataglay ng mga aktibidad, gawain at nilalaman na mahalaga at kawili-wili sa mag-aaral. Ang karamihan sa mga gawain ay umiinog sa mga konseptong magpapaunlad at magpapahusay ng mga kasanayan sa MELC. Layunin nito na makita o matukoy ng mag-aaral ang alam niya, hindi pa niya alam at ano pa ang gusto niyang malaman at matutuhan. |
| Pakikipagpalihan (Engagement) | Isagawa<br>Linangin<br>Iangkop | Ang bahaging ito ay nagbibigay ng pagkakataon sa mag-aaral na makisali sa iba't ibang gawain at oportunidad sa pagbuo ng kanilang mga Knowledge Skills at Attitudes (KSA) upang makahulugang mapag-ugnay-ugnay ang kaniyang mga natutuhan pagkatapos ng mga gawain sa Pagpapaunlad o D. Inilalantad ng bahaging ito sa mag-aaral ang totoong sitwasyon/gawain sa buhay na magpapasidhi ng kaniyang interes upang matugunan ang inaasahan, gawing kasiya-siya ang kaniyang pagganap o lumikha ng isang produkto o gawain upang ganap niyang maunawaan ang mga kasanayan at konsepto. |
| Paglalapat (Assimilation) | Isaisip<br>Tayahin | Ang bahaging ito ay maghahatid sa mag-aaral sa proseso ng pagpapakita ng mga ideya, interpretasyon, pananaw, o pagpapahalaga upang makalikha ng mga piraso ng impormasyon na magiging bahagi ng kaniyang kaalaman sa pagbibigay ng epektibong repleksiyon, pag-uugnay o paggamit sa alinmang sitwasyon o konteksto. Hinihikayat ng bahaging ito ang mag-aaral na lumikha ng mga estrukturang konseptuwal na magbibigay sa kaniya ng pagkakataong pagsama-samahin ang mga bago at dati ng natutuhan. |

Ang modyul na ito ay nagtataglay ng mga pangunahing impormasyon at gabay sa pag-unawa ng mga Most Essential Learning Competencies (MELCs). Ang higit na pag-aaral ng mga nilalaman, konsepto at mga kasanayan ay maisasakatuparan sa tulong ng K to 12 Learning Materials at iba pang karagdagang kagamitan tulad ng Worktext at Textbook na ipagkakaloob ng mga paaralan at/o mga Sangay ng Kagawaran ng Edukasyon. Magagamit din ang iba pang mga paraan ng paghahatid ng kaalaman tulad ng Radio-based at TV-based Instructions o RBI at TVI.

WEEKS 1-2

# Konsepto at Salik na Nakaaapekto sa Demand sa Pang-araw-araw na Pamumuhay

I

Aralín


Isa sa tuon sa pag-aaral ng Ekonomiks ang pag-unawa sa daloy ng pamumuhay ng tao, at sa tao bílang mamamayang kumokonsumo ng mga produkto. Sa loob ng daloy ng ekonomiyang ganito, pumapasok ang konsepto ng suplay at demand.

Sa araling ito, ating tatalakayin ang konsepto at mga salik na nakakapekto sa demand sa pang-araw-araw nating pamumuhay. Pagkatapos ng ating aralín, inaasahang: naipaliliwanag mo ang konsepto ng demand, natutukoy ang mga salik ng nakakaapekto sa demand, at nasusuri ang epekcto ng demand sa pang-araw-araw na pamumuhay.

## Konsepto ng Demand

Ang **demand** ay tumutukoy sa dami o bílang ng uri ng mga produkto o serbisyong nakatutugon sa gusto at káyang bilhin ng mga mámimíli sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.

**Batas ng Demand**—ayon sa batas na ito, mayroong inverse o magkasalungat na ugnayan ang presyo sa quantity demanded o hinihinging dami ng isang produkto. Kapag tumaas ang presyo, bumababa ang dami ng gusto at káyang bilhin; at kapag bumaba ang presyo, tataas ang dami ng gusto at káyang bilhin (ceteris paribus).




Ang salitáng **Ceteris Paribus** ay nangangahulugang ipinagpapalagay na ang presyo lámang ang salik na nakaaapekto sa pagbabago ng **quantity demanded,** habang ang ibang salik ay hindi nagbabago o nakaaapekto rito.

Ang **substitution effect** at **income effect** ay ang dalawang konsepto na nagpapaliwanag kung bakit may magkasalungat o inverse na ugnayan presyo at demand. Sa **substitution effect**—kapag tumaas ang presyo ng isang produkto ang mámimíli ay hahanap ng mas murang produktong maipapalit dito. Samantalang sa income effect—kapag mababa ang presyo ng produkto mas nagiging malaki ang kakayahan ng kíta ng mámimíli na makabili ng produkto.

Mayroon tatlong pamamaraan sa pagpapakita ng konsepto ng demand, ang **demand schedule**, **demand curve**, at **demand function**.

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 127*

## Demand Schedule


Ang demand schedule ay tumutukoy sa talaan na nagpapakita ng dami ng káya at gustong bilhin ng mámimíli sa iba't ibang presyo ng isang partikular ng produkto:

| Demand Schedule para sa Tinapay | |
|---|---|
| Presyo bawat piraso | Quantity Demanded |
| Php. 5 | 10 |
| 4 | 20 |
| 3 | 30 |
| 2 | 40 |
| 1 | 50 |
| 0 | 60 |

Dito sa talaan, makikita ang halimbawa na kapag ang tinapay ay may presyong dalawang piso ((hp.2.00), ang mámimíli ay makakabili ng apatnapung (40) piraso, at kung sakali namang ang presyo ng tinapay ay nagkakahalaga ng limang (5) piso, ang mámimíli ay makakabili ng sampung (10) piraso.


## Demand Curve

Ang demand curve ay isang graph na nagpapakita ng iba't ibang kombinasyon ng mga presyo at ng quantity demand. Ito ang graphical representation ng isang demand schedule.




### Paggalaw ng Demand Curve

Nangyayari ang paggalaw ng demand curve dahil sa salik ng sariling presyo ng produkto:




Pinapakita sa graph ang paggalaw ng demand, na kung ang presyo ay bumaba, ang presyo ay gagalaw mula sa punto **A** papuntang punto **B**. Kung ang presyo naman ay tumaas, ang demand ay gagalaw mula punto **D** papuntang punto **C.**

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 127; 129*

## Demand Function

Ang demand function ay tumutukoy sa matematikong pagpapakita sa ugnayan ng presyo at quantity demanded. Ang equation as Qd = f (P). Ang Qd o quantity demanded ay tumatayong dependent variable, samantalang ang P o presyo naman ay ang independent variable. Ang isang pang paraan na nagpapakita ng equation ng demand function ay:

$$Qd = a - bP$$

kung saan:

Qd = quantity demanded

P = presyo

a = intercept (ang bílang ng Qd kung ang presyo ay 0)

b = slope = $\frac{\triangle Qd}{\triangle P}$

Ating patunayan na ang datos sa demand schedule at ang demand function ay iisa:

**Demand Function** mula sa Demand Schedule para sa tinapay: **Qd=60-10P:**

Kapag ang P = 1 Qd=?

Qd = 60 - 10P

Qd = 60 - 10 (1)

Qd = 60 - 10

Qd = 50 pesos

Kapag ang P = 5 Qd=?

Qd = 60 - 10P


Qd = 60 - 10 (5)

Qd = 60 - 50

Qd = 10 pesos

## Ang Paglipat ng Demand Curve

Ang graph sa ibaba ay nagpapakita ng paglipat ng kurba ng demand. Kapag ang paglipat ng kurba ay papuntang kanan, ito ay nangangahulugan ng pagtaas ng presyo ng produkto o serbisyo. Samantalang ang paglipat sa kaliwa ay nangangahulugan ng pagbaba ng presyo ng produkto o serbisyo.




*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 129*


# Mga Salik na Nakakaapekto sa Demand

Maliban sa presyo ang mga sumusunod ay mga salik na nakaapekto sa demand:

1. **Panlasa**—pagkahilig ng mga mámimíli sa isang produkto o serbisyo.
2. **Pagkasawa sa isang produkto**—dahilan din ng pagbabago sa demand ng mámimíli.
3. **Diminishing utility**—ang kabuuang kasiyahan ng isang mamilmili sa bawat pagkonsumo ng mga produkto.
4. **Kíta**—ang salapi na tinatanggap ng tao kapalit ng ginagawang produkto at serbisyo ay tinatawag na kíta.
5. **Substitute goods**—mga produkto na maaaring pamalit sa ginagamit na produkto.
6. **Bílang ng mámimíli/populasyon**—bílang ng konsyumer ang nagtatakda ng demand.
7. **Inaasahan ng mga mámimíli/ekspektasyon**—sa panahon ng mga kalamidad at pandemya ang mga mámimíli ay nagpa-panic-buying lalo na ang mga táong may sapat na salapi.
8. **Okasyon**—tumataas and demand sa mga produkto na naayon sa okasyon na ipinagdiriwang.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Ibigay ang salitáng may kaugnayan sa salitáng "demand" sa pamamagitan ng pag-aayos ng pagkakasunod-sunod ng mga letra sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Mabigay ng mga halimbawa sa salik ng nakakapekto sa demand at ipaliwanag ang halimbawang ito. Isulat ang sagot sa sa iyong sagutang papel.

| Salik | Halimbawa | Paliwanag |
|---|---|---|
| **PANLASA** | | |
| **KÍTA** | | |
| **OKASYON** | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Mula sa mga datos, kompletuhin ang talaan sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel o sa iyong sagutang papel.

| **Qd = 300-20P** | |
|---|---|
| **P** | **Qd** |
| **1** | (#1) |
| (#2) | **200** |
| **6** | (#3) |
| (#4) | **100** |
| **15** | (#5) |

**E**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Ipakita ang pagbabagong nagaganap sa demand: lagyan ng negative sign [ **-** ] kung ang demand ay pababa at ng positive sign [ **+** ] kung pataas ang demand. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

______ 1. Pagiging lipas na sa uso ng isang produkto
______ 2. Pagtaas presyo ng produktong pamalit
______ 3. Parol sa summer vacation
______ 4. Pagdami ng mga mámimíli
______ 5. Inaasahan ng mámimíli ang pagbaba ng presyo

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Ipakita ang demand schedule ayon sa ibinigay na sitwasyon. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel.

Namalengke kayo ng iyong ina. Sa iláng mga tindahan na pinagtanungan ninyo ang presyo ng kamatis ay Php6, Php8, Php10 at Php14. ang demand function ay Qd=50-2P. Itala ang quantity demanded.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Magtanong sa inyong magulang kung paano nila inaaral ang presyo at dami ng kanilang binibiling peodukto o serbisyo. Magtala ng iyong sariling demand schedule batay sa presyo at produktong inyong pinamili. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel o sa iyong sagutang papel.

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sagutin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Tatlong (3) konsepto na natutuhan ko mula sa Aralín:

**1.** ______________________________.
**2.** ______________________________.
**3.** ______________________________.

Dalawang (2) mahalagang bagay na ayaw kong makalimutan mula sa Aralín:

**1.** ______________________________.
**2.** ______________________________.

Isang (1) gawain na gusto kong subukan mula sa aking natutuhan sa Araling ito:

**1.** ______________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Sagutin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang **TAMA** kung wasto ang tinatalakay ng pangungusap, at **MALI** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

__________1. Ang demand ay tumutukoy sa dami o bílang ng uri ng mga produkto o serbisyo nakatutugon sa gusto at káyang bilhin ng mga mámimíli sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.

__________2. Ang income effect ay kapag mataas ang presyo ng produkto mas nagiging malaki ang kakayahan ng kíta ng mámimíli na makabili ng produkto.

__________3. Ang demand schedule ay tumutukoy sa talaan na nagpapakita ng dami ng káya at gustong bilhin ng mámimíli sa iba't ibang presyo ng isang partikular ng produkto

__________4. Ang **substitution effect** *ay* kapag bumaba ang presyo ng isang produkto ang mámimíli ay hahanap ng mas murang produktong maipapalit dito.

__________5. Ang demand function ay tumutukoy sa matematikong pagpapakita sa ugnayan ng presyo at quantity demanded.

WEEKS 3-4

# Konsepto at Salik na Nakaaapekto sa Suplay sa Pang-araw-araw na Pamumuhay

Aralín

**I**

Sa naunang aralín, tinalakay ang mga bagay na may kinalaman sa demand. Ang demand ay may kaugnayan sa presyo. Ito ay nagbabago batay sa presyo. Gayundin, ang suplay ay may kaugnayan din sa presyo.


Sa araling ito, tatalakayin ang ugnayan ng presyo sa suplay at sa mga prodyuser. Ating aalamin ang konsepto at mga salik na nakaaapekto sa suplay sa pang-araw-araw na pamumuhay ng mga mámimíli.

Pagkatapos ng aralíng ito, ikaw ay inaasahang: naipaliliwanag ang konsepto ng suplay, natutukoy ang mga salik ng nakakaapekto sa suplay, at nasusuri ang epekto ng suplay sa pang-araw-araw na pamumuhay.

## Konsepto ng Suplay

Sapagkat dumarami ang pangangailangan ng mga mámimíli at dumarami ang mga mámimíli, ito ay nagbibigay daan sa mga prodyuser ng produkto o serbisyo upang magprodyus ng maraming suplay. Ang **suplay** ay tumutukoy sa dami ng produkto o serbisyo na handa at káyang ipagbili ng mga prodyuser sa iba't ibang presyo sa isang takdang panahon.

**Batas ng Suplay**—ayon sa batas na ito, mayroong direkta o positibong ugnayan ang preyo sa **quantity supplied** ng isa produkto o serbisyo. Ito ay nangangahulugan na kapag tumaas ang presyo, tumataas din ang dami ng produkto o serbisyo na handa at káyang maipagbili. Samantalang kapag bumaba ang presyo, bumababa din ang dami ng produkto o serbisyo.




Isinasaad din sa batas na ito na ang presyo ang pangunahing batayan ng mga prodyuser sa pagproprodyus ng kanilang produkto o serbisyo. Isa itong dahilan kung bakit ang mga prodyuser ay nagnanais magbenta ng mas maraming produkto o serbisyo kapag mataas ang presyo.

### Supply schedule

Upang mas maunawaan ang konsepto ng suplay, ang supply schedule ay makakatulong. Ang **supply schedule** ay isang talaan na nagpapakita ng dami ng káya at gustong ipagbili ng prodyuser sa iba't ibang presyo.


*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 157*

| Supply schedule para sa Tinapay | |
|---|---|
| Presyo bawat piraso | Quantity Supplied |
| Php. 5 | 50 |
| 4 | 40 |
| 3 | 30 |
| 2 | 20 |
| 1 | 10 |
| 0 | 0 |

Makikita sa talaan na kapag ang presyo ng tinapay ay Php1, sampu (10) ang dami ng tinapay na gusto at handang iprodyus ng mga prodyuser. Samantalang kung ang presyo ay Php5, limampu (50) ang gusto at handang iprodyus ng mga prodyuser.

## Supply curve


Ang supply curve ay ang graphical representation ng isang supply schedule. Ito ang graph ng iba't ibang kombinasyon ng mga presyo at quantity supplied:




Makikita sa graph ang pataas na kurba or upward sloping curve na nangangahulugan na kapag tumataas ang presyo, tumataas din ang gusto at handang iprodyus na mga produkto o serbisyo.

### Paggalaw ng Supply curve

Ang paggalaw ng supply curve ay dulot ng sariling presyo ng produkto o serbisyo na siyang salik na nakaaapekto sa paggalaw ng ito:




Ipinapakita ng graph sa itaas na kapag ang presyo ng tinapay ay tumaas mula Php1 tungong Ph2, ang dami ng produksiyon ay gagalaw mula sa punto **B** papunta sa punto **C**. Samantalang kung ang presyo ay bumaba mula sa Php5 tungong Php4, ang dami ng produksiyon ay gagalaw mula sa punto F papunta sa punto E.

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 159*

## Supply function

Ang supply function ay ang matematikong pagpapakita ng ugnayan ng presyo at **quantity supplied**. Ang equation na ito ay **Qs= f (P)**. Ito ay maaari ding tingnan sa equation na:

$$Qs = c + bP$$

Kung saan:

Qs = dami ng suplay

P = presyo

c = intercept (ang bílang ng Qs kung ang presyo ay 0)

d = slope = $\frac{\Delta Qs}{\Delta P}$

Halimbawa:

Ang supply function mula sa supply schedule sa tinapay: Qs= 0+10(P):

Kapag ng P=1, Qs=?

Qs = 0+10P

Qs = 0+10(1)

Qs = 0+10

Qs = 10 piraso

Kapag ang P=5, Qs=?

Qs = 0+10P

Qs = 0+10(5)


Qs = 0+50


Qs = 50 piraso

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 163*

## Ang Paglipat ng Supply Curve

Ang graph sa ibaba ay nagpapakita ng paglipat ng kurba ng suplay. Kapag ang paglipat ng kurba ay papuntang kanan, ito ay nangangahulugan ng pagtaas ng suplay. Samantalang ang paglipat sa kaliwa ay nangangahulugan ng pagbaba ng suplay.




# Mga Salik na Nakakaapekto sa Suplay

Maliban sa presyo, ang mga sumusunod ay mga salik na nakaaapekto sa suplay:

1. **Pagbabago sa Teknolohiya**—ang pag-unlad ng teknolohiya ay nagdudulot ng pagbabago sa dami at bilis ng produksiyon. Dahil dito, ang mga produsyer ay nagaganyak na dagdagan ang kanilang suplay.

2. **Pagbabago sa Halaga ng mga Salik ng Produksiyon**—may mga salik ng produksiyon na kinakailangan sa paggawa ng produkto tulad ng lupa, paggawa, capital, equipment at entrepreneurship. Sa pagtaas ng presyo, tumataas din ang kailangang mga salik na ito na nanganghulugan ng pagtaas ng gastos sa produksiyon.
3. **Pagbabago sa Bílang ng mga Nagtitinda**—ito ay tumutukoy sa pagbabago ng mga produkto dahil sa iba't ibang nauuso na nagtutulak sa mga nagtitinda na magtinda nito at sa mga prodyuser na magprodyus nito.
4. **Pagbabago sa Presyo ng kaugnay na Produkto**—ang pagbabago ng presyo ay nakaaapekto sa quantity supplied ng ibang mga produktong kaugnay nito.
5. **Ekspektasyon ng Presyo**—may mga pagkakataon ng kung inaasahan ng mga prodyuser na tataas ang presyo ng kanilang produkto, may mga magtatago nito upang maibenta sa mas mataas na halaga sa darating na panahon.

## D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Tukuyin ang ipinapakita ng larawan sa pamamamgitan ng pagkumpleto sa mga letra ng salita sa ibaba. Sagutin ng mga tanong sa ibaba. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.




**P _ N _ N _ A**



**P _ B _ I K _**



**N _ G _ S Y _ _ T E**

**Pamprosesong Tanong:**

1. Ano-ano ang salitáng nabuo mo mula sa larawan?
2. Paano maiuugnay ang mga nabuo mong mga salita sa konsepto ng suplay?

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Ilagay ang **S** kung sumasang-ayon sa mga pahayag sa ibaba at **D** kung hindi sumasang-ayon . Isulat ang sagot sa iyong

_____ 1. Ang slope ng supply function ang nagtatakda ng ugnayan ng presyo at suplay.

_____ 2. Ang ugnayan ng presyo at suplay ay naipakikita sa supply schedule, supply curve at supply function.

_____ 3. Ang Batas ng Suplay ay nagsasaad na ang presyo ay may direktang ugnayan sa dami ng produktong gusto at handang iprodyus.

_____ 4. Ang supply curve ay nakabatay sa supply schedule.

_____ 5. Ang mga teknolohiya ay nakaaapekto sa suplay.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Lagyan ng kaukulang dami ng ibebenta batay sa presyong nakalagay gámit ang supply function na **Qs=0+50P**. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Presyo ng tinapay | Dami ng ibebenta |
|---|---|
| 21 | _____ |
| 18 | _____ |
| 15 | _____ |
| 12 | _____ |
| 9 | _____ |

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Ilipat sa graph ang makikita sa supply schedule. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| Presyo ng tinapay | Dami ng ibebenta |
|---|---|
| 10 | 50 |
| 15 | 100 |
| 20 | 150 |
| 25 | 200 |
| 30 | 250 |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Kompyutin ang sumusunod na talahanayan gamit ang mga datos sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel.

| **Qs = 0 + 5P** | |
|---|---|
| **P** | **Qs** |
| **2** | (#1) |
| (#2) | **20** |
| **6** | (#3) |
| (#4) | **40** |
| **10** | (#5) |

**Gawain sa Pagakatuto Bilang 6:** Isulat ang **L** kung ang pahayag ay nagpapakita ng paggalaw ng supply curve pakaliwa at **R** kung pakanan naman ang galaw. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel.

_____ 1. Inaaasahan na tataas ang presyo sa susunod n linggo
_____ 2. Nagpalit ng bagong modelo ang isang companya ng kotse.
_____ 3. Mabili ang mga produkto sa uksy-uksy.
_____ 4. Mabili ang tinapay na gawa sa malunggay.
_____ 5. Tumaas ang presyo ng balat n gingawang sapatos.

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel.

Tatlong (3) konsepto na natutuhan ko mula sa Aralín:

**1.** ________________________________________________.
**2.** ________________________________________________.
**3.** ________________________________________________.

Dalawang (2) mahalagang bagay na ayaw kong makalimutan mula sa Aralín:

**1.** ________________________________________________.
**2.** ________________________________________________.

Isang (1) gawain na gusto kong subukan mula sa aking natutuhan sa Araling ito:

**1.** ________________________________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Basahing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Ilagay kung ano ang tinutukoy ng bawat pahayag. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel.

___________1. Ito ay ang graphical representation ng isang supply schedule.
___________2. Ito ay ang matematikong pagpapakita ng ugnayan ng presyo at **quantity supplied.**
___________3. Ito ay nagsasaad na mayroong direkta o positibong ugnayan ang presyo sa *quantity supplied* ng isa produkto o serbisyo,
___________4. Ito ay isang talaan na nagpapakita ng dami ng káya at gustong ipagbili ng prodyuser sa iba't ibang presyo
___________5. May mga pagkakataon ng kung inaasahan ng mga prodyuser na tataas ang presyo ng kanilang produkto, may mga magtatago nito upang maibenta sa mas mataas na halaga sa darating na panahon.

WEEK 5

# Interaksiyon ng Suplay at demand sa Kalagayan ng Presyo at ng Pamilihan

I

Aralín

Sa mga nakaraang aralín, iyong natutuhan ang mga kosepto ng suplay at demand, at ang kani-kanilang mga salik na nakaaapekto sa ekonomiyang panlipunan, Sa aralín na ito, iyong susuriin ang interaksiyon ng suplay at demand.

Pagkatapos ng aralíng ito, inaasahang naipaliliwanag mo ang ekwilibriyo bílang interaksiyon ng suplay at demand, natatayà ang ugnayan ng suplay at demand sa market schedule at nasusuri ang suplay at demand sa konteksto ng surplus at shortage.

## Interaksiyon ng Suplay at Demand

### Ang Ekwilibriyo sa Pamilihan

Ang ekwilibriyo ay nagaganap kapag nakatatamo ng kasiyahan ang parehong mámimili at prodyuser o nagbebenta. Ang ekwilibriyo ay isang kalagayan sa pamilihan na ang dami ng handa at káyang bilhing produkto o serbisyo ng mga konsyumer at ang handa at káyang ipagbiling produkto at serbisyo ng mga prodyuser ay pareho ayon sa presyong kanilang pinagkasunduan. Ekwilibriyong presyo ang tawag sa pinagkasunduang presyo ng konsyumer at prodyuser at ekwilibriyong dami naman ang tawag sa napagkasunduang bílang ng mga produkto o serbisyo (Balitao, et al., 2015).


<table>
<tr><th colspan="4">Market Schedule para sa Cookies</th></tr>
<tr><th>Quantity Demand-ed (Qd)</th><th>Presyo (P)</th><th>Quantity Supplied (Qs)</th><td rowspan="7">A. Sa presyong tatlong piso, ang quantity demanded at quantity supplied ay pantay.<br>B. Sa presyong mas mataas sa tatlong piso, mas maliit and quantity demanded kaysa sa quantity supplied. (Qd < Qs)<br>C. Sa presyong mas mababa sa tatlong piso, mas malaki ang quantity demanded kaysa sa quantity supplied. (Qd > Qs)</td></tr>
<tr><td>10</td><td>5</td><td>50</td></tr>
<tr><td>20</td><td>4</td><td>40</td></tr>
<tr><td>30</td><td>3</td><td>30</td></tr>
<tr><td>40</td><td>2</td><td>20</td></tr>
<tr><td>50</td><td>1</td><td>10</td></tr>
<tr><td>60</td><td>0</td><td>0</td></tr>
</table>

Pinapakita sa tsart sa itaas na ang ekwilibriyo sa pamilihan ay ang punto kung saan ang quantity demanded at ang quantity supplied ay pantay o balanse.

### Demand at Supply curve

Maipapakita rin ang ugnayan ng suplay at demand sa pamamagitan ng isang curve or graph:

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, pp. 180-182*




**A.** Ang demand curve ay nagpapakita ng quantity demanded sa magkakaibang presyo. Mapapansin din ang pagbaba ng slope.

**B.** Ang supply curve ay nagpapakita ng quantity supplied sa magkakaibang presyo. Mapapansin na pataas naman ang slope nito.

**C.** Ito ang ekwilibriyo sa pamilihan kung saan ang quantity demanded at quantity supplied ay pantay.


## Demand at Supply function

Sa pamamagitan ng isang mathematical equation, maaari ding ipakita ang ekwilibriyo sa pagitan ng suplay at demand.

<table>
<tr><td>Qd = 20-10P</td><td colspan="2">Qs = 0+10P</td></tr>
<tr><td>Qs = Qd<br>0+10P = 60-10P<br>10P + 10P = 60 – 0<br><u>20P</u> = <u>60</u><br>20 20<br>P = 3</td><td>Qd = 60 – 10P<br>= 60 – 10(3)<br>= 60 – 30<br>= 30</td><td>Qs = 0 + 10 P<br>= 0 + 10(3)<br>= 0 + 30<br>= 30</td></tr>
<tr><td>Ekwilibriyong Presyo (P*)=3</td><td colspan="2">Ekwilibriyong Dami (Q*)=30</td></tr>
</table>

Batay sa mathematical equation sa itaas, makikita ang ekwilibriyo ay nása presyong Php3 at ang ekwilibriyong dami ay 30 piraso.

## Ang Surplus at Shortage




**A.** Kapag ang presyo ay mas mataas sa tatlong piso, mas mataas ang quantity supplied kaysa quantity demanded, nagkakaroon ng surplus.

**B.** Kapag ang presyo ay mas mababa sa tatlong piso, mas maraming quantity demanded kaysa quantity supplied, nagkakaroon ng shortage.


**C.** Sa ekwilibriyong presyo, walang surplus at walang shortage.

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 184*

## Mga Kaganapan at Pagbabago sa Pamilihan


Maraming pangyayari ang maaaring maganap sa may pamilihan. Ang pagbabago sa demand at supply ay nakaaapekto sa ekwilibriyo. Kung kaya maaaring magkaroon ng pagtaas o pagbaba sa dami ng demand at supply.

**1. Paglipat ng supply curve pakanan subalit walang pagbabago sa demand**




Ipinapakita sa **graph** sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php40 at ang ekwilibriyong dami ay 40 rin. Subalit kung magkakaroon ng paglipat ng **supply curve** mula sa S1 patungong S2 at pareho pa rin ang **demand**, magkakaroon ng labis na **supply o surplus** sa pamilihan. Kapag may surplus sa pamilihan, bababa ang presyo ng produkto o serbisyo. Sa pagbaba ng presyo, ang quantity demanded ay tumataas samantalang ang quantity supplied naman ay bumababa. Dahil dito, magkakaroon ng pagbabago sa presyo na magiging Php30 na siyang panibagong ekwilibriyo sa daming 50.

**2. Paglipat ng supply curve pakaliwa subalit walang pagbabago sa demand curve.**





Ipinapakita sa graph sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php30 at ang ekwilibriyong dami ay 50. Subalit kung magkakaroon ng pagbaba ng suplay mula sa S1 patungong S2 at pareho pa rin ang demand, magkakaroon ng kakulangan o shortage sa suplay sa pamilihan. Kapag may shortage sa pamilihan, tataas ang presyo ng produkto o serbisyo. Sa pagtaas ng presyo, ang quantity demanded ay bumababa samantalang ang quantity supplied naman ay tumataas. Dahil dito, magkakaroon ng pagbabago sa presyo na magiging Php40 na siyang panibagong ekwilibriyo sa daming 40.


**3. Paglipat ng demand curve pakanan subalit walang pagbabago sa supply curve.**

Ipinakikita sa graph sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php10 at ang ekwilibriyong dami ay 40. Subalit kung magkakaroon ng paglipat ng demand curve mula D1 patungong D2 at pareho pa rin ang suplay, magkakaroon ng labis na demand o shortage sa pamilihan. Kapag may shortage sa pamilihan, tumataas ang presyo ng produkto o serbisyo.

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, pp. 187-189*




**4. Paglipat ng demand curve pakaliwa subalit walang pagbabago sa supply curve.**




Ipinakikita sa graph sa itaas na ang ekwilibriyong presyo ay Php20 at ang ekwilibriyong dami ay 60. Subalit kung magkakaroon ng paglipat ng demand curve mula D1 patungong D2 at pareho pa rin ang suplay, magkakaroon ng labis na suplay o surplus sa pamilihan. Kapag may surplus sa pamilihan, bababa ang presyo ng produkto o serbisyo.

# D

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Kompletuhin ang talahanayan batay sa mga datos na makikita rito. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel.

| | **Qd = 150 – P** | **Qs = -60 + 2P** |
|---|---|---|
| Presyo (P) | Dami ng Demand (Qd) | Dami ng Suplay (Qs) |
| **40** | **110** | (1) |
| **55** | (2) | (3) |
| (4) | **80** | (5) |
| (6) | **65** | **110** |
| **100** | (7) | (8) |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Basahin ng mabuti ang maikling sanaysay sa loob ng kahon. Sagutin ang mga taonong sa ibaba. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel o sa iyong sagutang papel.

| |
|---|
| Si Lorna ay nagmamay-ari ng isang maliit na tindahan malapit sa paaralan. Kamakailan lámang ay napag-isipan niyang magtinda ng isang bagong produkto—ang home made niyang cookies. Sa unang araw, gumawa siya ng 50 cookies at ibinenta sa halagang limang piso kada piraso. Nalungkot siya dahil maraming natira sa kaniyang mga paninda. Si Isabel, ang kaniyang suki, ay bumili lámang ng 10 piraso. Nagkaroon ng labis na 40 piraso. Dahil sa kalabisan, binabaan niya ang presyo ng mga ito sa halagang dalawang piso. Sa pagbaba ng presyo, naging maganda ang pagtugon ni Maria. Sa mababang halaga, 40 piraso ang nais at handang bilhin ni Isabel ngunit 20 pirasong cookies na lámang ang handa at káyang ipagbili ni Lorna. Dahil sa labis na demand, nahikayat siyang dagdagan ang ipagbibiling cookies ngunit sa mas mataaas na presyo. |

Pamprosesong tanong:

1. Ano ang bagong produktong ibinebenta ni Lorna?
   ____________________________________________
2. Ano sa palagay mo ang dahilan bakit ito ang naisipan niyang ibenta?
   ____________________________________________
3. Bakit kayâ may lumabis sa ibinibenta ni Lorna?
   ____________________________________________
4. Bakit kayâ nainganyo siyang dagdagan ang ipagbibiling produkto?
   ____________________________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Suriing mabuti ang mga pahayag sa ibaba. Tukuyin kung ang isinasaad sa pahayag ay *surplus*, *shortage* o *ekwilibriyo*. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

__________ 1. Binili lahat ni James ang mga panindang prutas ni Geniefe.

__________ 2. Napanis lámang ang tindang pansit ni Aling Maria, dahil sa suspension ng klase gawa ng bagyo.


_________ 3. May 50 sako ng bigas si Alex, pero 30 lámang ang handang bilhin ng mámimíli nito.

_________ 4. Nagkasundo ang prodyuser at consumer sa presyong Php100 sa daming 70.

_________ 5. Sobrang init ng panahon, kayâ naging matumal sa bentahan ng sopas ni Aling Marta

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Gumawa ng isang graphic organizer ayon sa sinasaad ng tekstong iyong nabása. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Suriing mabuti ang mga datos sa ibaba. Tukuyin ang sitwasyon kung surplus, shortage o ekwilibriyo, at pagkatapos gumawa ng graph na nagpapakita ng ugnayan nito. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel o sa iyong sagutang papel.

| Presyo | Dami ng Demand | Dami ng Suplay | Sitwasyon: (surplus, shortage o ekwilibriyo) |
|---|---|---|---|
| 100 | 80 | 20 | (1) |
| 200 | 70 | 30 | (2) |
| 300 | 60 | 40 | (3) |
| 400 | 50 | 50 | (4) |
| 500 | 40 | 60 | (5) |
| 600 | 30 | 70 | (6) |
| 700 | 20 | 80 | (7) |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Katuwang ang iyong magulang, kapatid, o kamag-anak na mas matanda sa iyo, maglista ng 10 gulay at tukuyin ang mga presyo, supply at demand nito sa pamilihan. Tukuyin din kung ito ay nása sitwasyong surplus, shortage, o ekwilibriyo. Gumawa ang isang table or chart upang maipakita ang ugnayan ng mga ito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

## A

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Tatlong (3) konsepto na natutuhan ko mula sa Aralín:

**1.** ______________________________________________.
**2.** ______________________________________________.
**3.** ______________________________________________.

Dalawang (2) mahalagang bagay na ayaw kong makalimutan mula sa Aralín:

**1.** ______________________________________________.
**2.** ______________________________________________.

Isang (1) gawain na gusto kong subukan mula sa aking natutuhan sa Araling ito:

**1.** ______________________________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang **TAMA** kung wasto ang tinatalakay ng pangungusap, at **MALI** naman kung hindi. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

__________ 1. Ang ekwilibriyo ay nagaganap kapag nakatatamo ng kasiyahan ang parehong mámimíli at prodyuser o nagbebenta.

__________ 2. Kapag mas mataas ang quantity supplied kaysa quantity demanded, nagkakaroon ng surplus.

__________ 3. Kapag mas maraming quantity supplied kasya quantity demanded, nagkakaroon ng shortage.

__________ 4. Kapag gumagalaw ang demand curve ng pakanan o pakaliwa, nababago din ang supply curve.

__________ 5. Kapag may surplus sa pamilihan, bababa ang presyo ng produkto o serbisyo.

# Kahulugan at Iba't ibang Istruktura ng Pamilihan

WEEKS 6-7

I

Aralín

Sa nakaraang mga aralín, iyong natutuhan kung ano ang demand, suplay at ang interaksiyon ng mga ito, natutuhan din natin na ang lahat ng mga pagbabago sa suplay at demand ay may kaugnayan sa pagtaas at pagbaba ng presyo sa pamilihan.

Sa araling ito naman, iyong susuriin ang kahulugan at iba't ibang istruktura ng pamilihan. Sa pagsusuri natin ng pamilihan ating tutukuyin ang bumubuo sa mga istruktura at ano ang ugnayan nga mga ito sa isa't isa.

Pagkatapos ng araling ito, inaasahang: naipaliliwanag mo ang pagpapakahulugan sa konsepto ng pamilihan, natatayà ang iba't ibang istruktura ng pamihilan, at nasusuri ang ugnayan ng mga istrukturang ito.

## Konsepto at Kahulugan ng Pamilihan

### Kahulugan ng Pamilihan

Ang pamilihan ang nagsisilbing lugar kung saan nagtatapo ang mga mámimíli at ang prodyuser. Dito naibebenta ang mga produkto o serbisyo na handa at káyang bilhin ng mga mámimíli. Mayroong dalawang pangunahing tauhan sa pamilihan: ang mámimíli at prodyuser. Ang mámimíli ang bumibili ng mga produktong gawa ng mga prodyuser, samantalang ang prodyuser naman ang gumagawa ng mga produktong kailangan ng mga mámimíli sa pamamagitan ng mga salik ng produksiyon na pagmamay-ari ng mga konsyumer.

Mayroong tinawag na "invisible hand" si Adam Smith na siyang gumagabay sa ugnayan ng dalawang aktor na ito ng pamilihan. Ito ay ang "presyo", na siyang instrumento upang maging ganap ang palitan sa pagitan ng mámimíli at prodyuser. Mahalagang bahagi ng pamilihan ang umiiral na presyo sapagkat ito ang nagtatakda sa dami ng handa at káyang bilhin na produkto at serbisyo ng mga mámimíli . Presyo rin ang siyang batayan ng prodyuser ng kanilang kahandaan at kakayahan na magbenta ng mga takdang dami ng produkto at serbisyo. Kung kaya't ang pamilihan ang siyang mabisang nagpapakita ng ugnayan ng suplay at demand.

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 201*

### Mga Estruktura ng Pamilihan

Ang istruktura ng pamilihan ay tumutukoy sa balangkas na umiiral sa sistema ng merkado kung saan ipinapakita ang ugnayan ng mámimíli at prodyuser. Ito ay nahahati sa dalawang pangunahing balangkas—ang pamilihan na may ganap na kompetisyon (**Perfectly Competitive Market** (PCM)) at ang pamilihang hindi ganap ang kompetisyon (**Imperfectly Competitive Market** (ICM)). Ito ay mga teoretikal na balangkas ng pamilihan. Sa isang pamilihan, ang dami at lawak ng market players o mga mámimíli at prodyuser ang nagkokontrol o nagtatakda ng estruktura na pamilihan.

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, pp. 202-203*

## Ang Pamilihan na may Ganap na Kompetisyon

Ang pamilihang may ganap na kompetisyon ay kinikilala bílang modelo o ideal na estruktura ng pamilihan. Sa ganitong sistema walang sinoman sa prodyuser at mámimíli ang maaaring makakontrol sa takbo ng pamilihan partikular na sa presyo. Ito ay nangangahulugang hindi káyang idikta nang isang prodyuser at mámimíli nang mag-isa ang presyo. Sa panig na mga prodyuser, hindi nila makokontrol ang produkto o serbisyo dahil maraming nagtitinda nito. Samantalang sa panig naman ng mga mámimíli , hindi nila maididikta ang presyo sapagkat maliit lámang sila kumpara sa kabuuang dami ng bumibili ng produkto o serbisyo.

Ayon kina Paul Krugman at Robin Well (Economics, 2nd Edition, 2009), ang mga sumusunod ay ang mga katangian ng isang ganap kompetisyon:

- Maraming maliliit na mámimíli at prodyuser kung kayat ang presyo ay walang kakayahang makaimpluwensya sa pamilihan na pabor sa interes ninoman.
- Magkakatulad ang produkto (Homogenous) kung kayat maraming papipilian produkto ang mga mámimíli.
- Malayang paggalaw ng sangkap ng produksiyon kung kayat maraming maaaring pagkunan ng sangkap sa pagbuo ng isang produkto.
- Malayang pagpasok at paglabas sa industriya kung kayat walang kakayahan ang mga dating prodyuser na sila hadlangan o pagbawalan sa pagpasok sa pamilihan.
- Malaya ang impormasyon ukol sa pamilihan kung kayat malayang makagagawa at makapagbebenta sa isang prodyuser sa pamilihan.

## Ang Pamilihang May Hindi Ganap na Kompetisyon

Ang isang pamilihang may hindi ganap na kompetisyon ay hindi kakikitaan ng mga katangiang nabanggit sa isang pamilihang may ganap na kompetisyon. Sa sistemang ganito, ang mga prodyuser ay may kakayahang diktahan o impluwensiyahan ang presyo ng mga produkto or serbisyo sa pamilihan. Sa ganitong pamilihan, ang mga prodyuser ang bumubuo ng istruktura. Ang mga sumusunod ay ang mga anyo na bumubuo sa pamilihang may hindi ganap na kompetisyon:

**Monopolyo**—ito ay ang uri ng pamilihan na iisa lámang ang prodyuser na gumagawa ng produkto o nagbibigay serbisyo kung kaya't walang pamalit o kahalili. Dahil dito, siya ay may kakayahang impluwensiyahan ang pagtatakda ng presyo sa pamilihan. Sa ganitong kadahilanan, ang mga mámimíli ay napipilitang tanggapin na lámang ang pagiging makapangyarihan ng mga monopolista.

Ang mga katangian ng monopolyo ay ang mga sumusunod:

- Iisa lámang ang nagtitinda
- Produkto na walang kapalit
- Kakayahang hadlangan ang kalaban

Gayumpaman, mayroon din naming mga prodyuser na kabílang sa tinatawag nating **natural monopoly** o iyong mga kompanyang binibigyang karapatan na magkaloob ng serbisyo sa mga mamamayan. Ito ay dahil sa káya nilang gawin ang mga produkto at serbisyo sa mas mababang gastos kaysa sa kumuha pa ng mas maraming kompanya. Ang mga halimbawa nito ay ang mga kompanya ng kuryente, tubig at transportasyon tulad ng tren.

**Monopsonyo**—sa ganitong uri ng pamilihan, mayroon lámang iisang mámimíli ngunit maraming prodyuser ng produkto at serbisyo. Sa ganitong kalagayan, may kapangyarihan ang mámimíli na maimpluwensiyahan ang presyo sa pamilihan. Ang mabisang halimbawa ng ganitong anyo ng pamilihan ay ang pamahalaan na nag-iisang kumukuha ng serbisyo at nagpapasahod sa mga pulis, sundalo, bombero, traffic enforcer, at iba pa. Dahil ang pamahalaan ang nag-iisang kumukuha ng serbisyo ng mga nabanggit bílang empleyado, ito ay may direktang kapangyarihan sa pagtatakda ng halaga ng pasahod sa mga ito.

**Oligopolyo**—ito ay isang uri ng estruktura ng pamilihan na may maliit na bílang o iilan lámang na prodyuser ang nagbebenta ng magkakatulad o magkakaugnay na produkto at serbisyo. Sa ganitong uri ng pamilihan, may kakayahan ang prodyuser na impluwensiyahan o madiktahan ang presyo na umiiral sa pamilihan. Sa ganitong sistema, maaaring magkaroon ng pagkontrol o sabwatan ang mga negosyante na tinatawag na *collusion*. Ito ay nagaganap partikular na sa presyo sa ilalim ng kartel o samahan ng mga oligopolista. Ang konsepto ng kartel ay nangangahulugang pagkakaroon ng *alliances of enterprises*.

Ang ilan sa mga produktong ganito sa pamilihan ay ang semento, bakal, ginto, at petrolyo. Maaari din nilang gawin ang hoarding o ang pagtatago ng produkto upang magkulang ang suplay sa pamilihan na magdudulot ng pagtaas ng pangkalahatang presyo. Sa konteksto ng pamilihan sa ating bansa, hindi pinahihintulutan ang pagkakaroon ng kartel upang mabigyan ng proteksiyon at isulong ang kapakanan ng mga mámimíli batay sa itinatakda ng Consumers Act of the Philippines o Republic Act 9374 na isinabatas noong Abril 23, 2011.

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, pp. 204-205*

**Monopolistic Competition**—sa ganitong uri ng istruktura ng pamilihan, maraming kalahok na prodyuser ang nagbebenta ng mga produkto sa pamilihan subalit marami rin ang mga mámimíli. Gayunpaman, may kapangyarihan pa rin sa pamilihan ang mga prodyuser na magtakda ng presyo ng kanilang mga produkto. Dahil sa product differentiation, ang katangian ng mga produkto na ipinagbibili ay magkakapareho ngunit hindi eksaktong magkakahawig. Sila ay nagkakaiba-iba sa packaging, labeling, presentasyon, at maging sa lasa o flavor. Ginagawa ito ng mga prodyuser sapagkat ang kanilang layunin sa product differentiation ay kumita at mas makilala ang kanilang mga produkto. Layunin din ng mga prodyuser na maitaas ang antas ng kasiyahan ng konsyumer. Ang advertisement o pag-aanunsiyo ay isang mabisang pamamaraan na ginagamit ng mga prodyuser upang maipakilala ang kanilang mga produkto at serbisyo.


*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, pp. 207-208*

# D


**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Tukuyin ang mga katangian ng dalawang estruktura ng pamilihan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Estruktura ng Pamilihan | Mga Katangian |
|---|---|
| Pamilihang may Ganap na Kompetisyon: | |
| Pamilihang may Hindi Ganap na Kompetisyon | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Ilagay ang mga konseptong may kaugnayan sa salitáng pamilihan at ipaliwanag ang ugnayan ng bawat konseptong ito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.





**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3:** Tukuyin ang pagkakaiba at pagkakatulad ng monopolyo at monopsonyo. Isulat sa gitnang ispasyo ang pagkakatulad ng dalawa at sa magkabilang dulo na ispayo ang pinagkaibhan ng mga ito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.



## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4:** Batay sa inyong nabásang teksto, buuin ang graphic organizer sa ibaba Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.




**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5:** Magbigay ng mga halimbawa ng produkto o serbisyo kaugnay ng mga extrukturang halimbawa ng pamilihang may hind ganap ng kompetisyon. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

| Monopolyo | Monopsonyo | Monopolistic Competition |
|---|---|---|
| 1. | 1. | 1. |
| 2. | 2. | 2. |
| 3. | 3. | 3. |
| 4. | 4. | 4. |
| 5. | 5. | 5. |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6:** Pumili ng sampung produktong matatagpuan sa loob ng inyong tahanan at tukuyin kung saan ang mga ito nabibilang na estruktura ng pamilihan. Isulat ang inyong sagot sa sagutang papel.

| Produkto | Estruktura ng Pamilihang kinabibilangan |
|---|---|
| 1. | |
| 2. | |
| 3. | |
| 4. | |
| 5. | |
| 6. | |
| 7. | |
| 8. | |
| 9. | |
| 10. | |

## A

**Gawain agkatusa Pto Bilang 7:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong. Isulat ang iyong sagot sa ságútang papel o sa iyong sagutang papel.

Tatlong (3) konsepto na natutuhan ko mula sa Aralín:

**1.** ________________________________________.
**2.** ________________________________________.
**3.** ________________________________________.

Dalawang (2) mahalagang bagay na ayaw kong makalimutan mula sa Aralín:

**1.** ________________________________________.
**2.** ________________________________________.

Isang (1) gawain na gusto kong subukan mula sa aking natutuhan sa Araling ito:

**1.** ________________________________________.

**Gawain sa Pagkatuto 8:** Basahin at unawain ang sumusunod na pahayag at tukuyin kung tama ang mensahe ayon sa mga salitáng nakasalungguhit. Lagyan ng salitáng **PABILI** kung **TAMA** ang mensahe at **PATAWAD** kung ito ay **MALI**. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

__________1. Ang pamilihan ay ang mekanismo na kung saan nagtatagpo ang mámimíli at prodyuser.

__________2. Mayroong tatlong pangunahing aktor sa pamilihan ang mámimíli , prodyuser, at ang produkto.

__________3. Nagaganap ang sistema ng pamilihan dahil lahat tayo ay may kakayahan na mag-suplay.

__________4. Sa pamamagitan ng pamilihan, nalalaman ang sistema ng ekonomiya.

__________5. Ang prodyuser ay may kakayahang kontrolin ang presyo sa pamilihang may ganap na kompetisyon.

__________6. Ang suplay ang nagsisilbing hudyat o senyales sa prodyuser kung ano ang gagawing produkto.

__________7. Kapag mataas ang presyo, ang mga prodyuser ay nahihikayat na magbawas ng suplay lalo na sa mga pangunahing uri ng produkto.

__________8. Ang presyo ang pangunahing salik sa pagbabago ng suplay at demand sa pamilihan.

__________9.Kapag mababa ang presyo sa pamilihan ang mámimíli ay nagtataas ng kabuuang dami ng binibiling produkto.

__________10. Ang kartel ay nangangahulugang alliances of consumers.

# Ginagampanan ng Pamahalaan sa Regulasyon ng mga Gawaing Pangkabuhayan

WEEK 8

I

Aralín

Sa nakaraang aralín, natutuhan mo ang konsepto ng pamilihan at ang iba't ibang istruktura nito. Nasuri din natin ang mga produktong may mga kinalaman sa mga estrukturang ito.

Sa aralíng ito,  tatalakayin ang ugnayan ng pamilihan at ng pamahalaan partikular sa alituntuning may kinalaman sa presyo ng mga produkto o serbisyo.

Pagkatapos ng aralíng ito, inaasahang: natutukoy mo ang ugnayan ng pamilihan at ng pamahalaan, natatayà ang mga alituntuning pinatutupad ng pamahalaan na may kinalaman sa pamilihan at nakapagsasagawa ng pagsusuri sa ugnayan ng pamahalaan at ng pamilihan.

## Ang Pamilihan at Pamahalaan

### Gampanin ng Pamahalaan sa Pamilihan

Ang pamahalaan ay isang mahalagang institusyon sa ating bansa. Alinsunod sa itinatadhana ng Artikulo II Seksiyon 4 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, pangunahing tungkulin ng pamahalaan na paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan.


Kaugnay nito, hindi nakaiiwas ang Pilipinas gaya ng iba pang bansa na mapasailalim ang pamilihan sa panghihimasok ng pamahalaan. Maliban sa pagtatakda ng buwis at pagbibigay ng subsidy, nagtatalaga ang pamahalaan ng presyo ng mga produkto at serbisyo. Upang mapatatag ang presyo sa pamilihan ipinapatupad ang price stabilization program at maiwasan ang mataas na inflation. Ang pagkontrol ng pamahalaan sa presyo ng pamilihan ay nahahati sa dalawang uri: ang price ceiling at price floor.

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 222*

### Price Ceiling

Ang Price Ceiling ay kilala rin sa katawagan bílang maximum price policy o ang pinakamataas na presyo na maaaring ipagbili ng isang prodyuser ang kaniyang produkto. Dito mahigpit na binabantayan ng pamahalaan ang presyo ng mga produkto lalo na ng mga pangunahing produkto tulad ng bigas, kape, asukal, de-latang pagkain, karne, isda, etc. Ang pamahalaan ay nagbibigay ng SRP or suggested retail price sa mga produktong ito. Ang DTI o Department of Trade and Indurtry ang nagpapatupad ng polisiyang ito.

Samantala, sa panahong nakararanas o katatapos pa lámang ng kalamidad sa bansa, ang pamahalaan ay mahigpit na nagpapatupad ng price freeze o pagbabawal sa pagtataas ng presyo sa pamilihan. Ipinatutupad ito ng pamahalaan upang mapigilan ang pananamantala ng mga negosyante sa labis na pagpapataw ng mataas na presyo ng kanilang mga produkto. Itinatakda ito kapag ang equilibrium price ay masyadong mataas sa pananaw ng mga mámimíli. Ang price ceiling ay itinatakda na mas mababa sa equilibrium price.





Ayon sa graph, Php20 ang ekwilibriyong presyo. Subalit, ang presyong ito ay maaaring mataas sa tingin ng mga mámimíli. Dahil dito, ang pamahalaan ay makikialam sa pamamagitan ng pagpapataw ng Php15 bílang price ceiling ng mga prodyuser. Kung minsan, maaari isipin ng mga prodyuser na malulugi sila dahil mababa ang presyo ng kanilang produkto dulot ng pinaiiral na price ceiling ng pamahalaan.

*Halaw mula sa AP 9 Ekonomiks, p. 223*

## Price Floor

Ang Price Floor ay kilala rin bílang price support at minimum price policy na tumutukoy sa pinakamababang presyo na itinakda ng batas sa mga produkto at serbisyo. Itinatakda ito ng mas mataas sa equiblibrium price. Katulad ng price ceiling, isinasagawa ito ng pamahalaan upang matulungan ang mga prodyuser. Kabílang sa sistemang ito ang pagkakaloob ng tinatawag na price support sa sektor ng agrikultura at ang batas naman na nauukol sa pagtatakda ng minimum wage.




Batay sa graph, ang ekwilibriyong presyo na Php25 ay mas mababa sa itinalagang price floor na Php50. Magdudulot ito ng pagtaas ng quantity supplied at magbubunga ng kalabisan (surplus) sa pamilihan. Higit na mas marami ang suplay na isandaan (100) kung ihahambing sa dami na dalawampu (20) na quantity demanded. Kapag may kalabisan, maaaring bumaba ang presyo at dami ng suplay patungo sa ekwilibriyong presyo. Subalit dahil may pinaiiral na price floor, hindi maaaring ibaba ang presyo dahil ito ang itinakda ng batas. Dahil dito, malinaw na ang price floor ay nagdudulot ng kalabisan (surplus) sa pamilihan.

## Minimum Wage

Sa kabiláng dako, ipinatutupad ng pamahalaan ang minimum wage law o batas sa pinakamababang suweldo sa sektor ng paggawa upang makaiwas ang mga manggagawa na makatanggap ng mababang suweldo. Ang patakarang ito ay naaayon sa Republic Act 602 o Minimum Wage Law of the Philippines na nag-uutos sa mga employer na bigyan ng suweldong hindi bababa sa minimum wage ang isang manggagawa. Ang DOLE o Department of Labor and Employment ay ahensiya ng pamahalaang nagpapatupad ng polisiyang ito.

**D**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 1:** Hanapin at bilugan ang mga salita sa loob ng kahon. Maaaring nakapahalang, paibaba, o pabaliktad ito. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

1. DTI
2. DOLE
3. Kakulangan
4. Kalabisan
5. Minimum Wage
6. Pamahalaan
7. Pamilihan
8. Presyo
9. Price Ceiling
10. Price Floor

| | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| M | E | A | D | O | L | E | N | P | A | W | P |
| S | I | E | A | E | I | O | U | A | X | U | R |
| U | A | N | R | A | W | D | E | M | L | D | I |
| B | P | T | I | A | E | I | O | A | P | A | C |
| S | O | P | A | M | I | L | I | H | A | N | E |
| I | L | G | L | Y | U | A | N | A | B | G | F |
| D | L | X | E | D | A | M | Q | L | E | D | L |
| Y | O | I | R | E | N | E | W | A | R | T | O |
| O | T | K | U | D | O | R | P | A | N | I | O |
| K | A | L | A | B | I | S | A | N | G | B | R |
| P | R | E | S | Y | O | M | A | R | T | E | B |
| S | K | A | K | U | L | A | N | G | A | N | O |
| P | R | I | C | E | C | E | I | L | I | N | G |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 2:** Ipaliwanag ang gampanin ng DTI at ng DOLE sa konteksto ng pamilihan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Ahensiya | Gampanin o responsibiliadad sa pamilihan |
|---|---|
| Department of Trade and Industry: | |
| Deparment of Labor and Employment: | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 3**: Tukuyin ang epekto ng mga polisiya ng pamahalaan sa pamilihan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

| Polisiya | Epekto sa Pamilihan |
|---|---|
| Price Celing | |
| Price Floor | |
| Minimum Wage | |

## E

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 4**: Kompletuhin ang mga sumusunod na dahilan upang makabuo ng isang kongklusyon tungkol sa halaga ng pamahalaan sa pamilihan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

**Mahalagang Papel ng Pamahalaan sa Pamilihan**

**Dahilan:**______________________________

**Sapagkat:**______________________________

**Dahilan:**______________________________

**Sapagkat:**______________________________

**Kongklusyon:** ______________________________

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 5**: Magbigay ng mg produktong kakikitaang ng SRP or suggested retail price. Isulat kung magkano ang pagkakabili at dahilan ng pagkakaiba o pagkakatulad nito sa SRP . Isulat ang isagot sa iyong sagutang papel.

| Produkto | SRP (Php) | Magkano ang bili (Php) | Dahilan |
|---|---|---|---|
| 1. | | | |
| 2. | | | |
| 3. | | | |

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 6**: Kompletuhin ang pahayag sa ibaba upang makabuo ng isang makabuluhang paglalarawan sa ugnayan ng pamilihan at pamahalaan. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

**Ang Ugnayan ng Pamilihan at Pamahalaan ay:** ______________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
_____________________________________________________________________.

**A**

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 7** Sagutin ang mga sumusunod na pahayag. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

Tatlong (3) konsepto na natutuhan ko mula sa Aralín:

**1.** _______________________________________________________.
**2.** _______________________________________________________.
**3.** _______________________________________________________.

Dalawang (2) mahalagang bagay na ayaw kong makalimutan mula sa Aralín:

**1.** _______________________________________________________.
**2.** _______________________________________________________.

Isang (1) gawain na gusto kong subukan mula sa aking natutuhan sa Araling ito:

**1.** _______________________________________________________.

**Gawain sa Pagkatuto Bilang 8**: Isulat ang **OO** kung wasto ang pahayag sa ibaba at **HINDI** naman kung mali. Isulat ang sagot sa iyong sagutang papel.

___________1. DTI o Department of Trade and Indurtry ang nagpapatupad ng polisiya ukol sa minimum wage.

___________2. Ayon sa Artikulo II Seksiyon 4 ng 1987 Konstitusyon ng Pilipinas, pangunahing tungkulin ng pamahalaan na paglingkuran at pangalagaan ang sambayanan.

___________3. Ipinatutupad ang price ceiling ng pamahalaan upang mapigilan ang pananamantala ng mga negosyante.

___________4. Isinasagawa ang price floor ng pamahalaan upang matulungan ang mga prodyuser.

___________5. Republic Act 206 o Minimum Wage Law of the Philippines na nag-uutos sa mga employer na bigyan ng suweldong hindi bababa sa minimum wage ang isang manggagawa.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education Region 4A CALABARZON

Office Address: Gate 2 Karangalan Village, Cainta Rizal

Landline: 02-8682-5773 local 420/421

Email Address: lrmd.calabarzon@deped.gov.ph